

Covid 19

Pasilidad ng Pagkain sa San Diego, Restawran, Bar, Pagawaan ng Alak, Protokol sa Pagpapatakbo ng Serbesa

Pangalan ng
Pasilidad:

Tirahan:

1. PROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG NAMAMASUKAN:

IPATUPAD ANG MGA HAKBANG UPANG MAKASIGURO NA ANG MGA HANDLER NG PAGKAIN AY HIDI PAPASOK KUNG SILA AY MAY SAKIT AT PROTEKTADO RIN NA HINDI MAGKASAKIT HABANG NASA TRABAHO.

Itong pasilidad ay gumagamit ng mga sumusunod na hakbang upang masiguro ang kalusugan ng kanyang mga kawani sa lugar ng trabaho (lahat ng hakbang na nakalagay dito ay mahigpit na pinatutupad):

Lahat ng empleyado ay mahigpit na pinagsabihan na huwag papasok kung sila ay may sakit.

Ang mga empleyado ay dadaan sa pagsusuri ng kanilang temperatura bago mag-umpisa ang kanilang rilyebo o mag-umpisa sa trabaho.

Isang pagsisiyasat sa kalusugan ng bawat empleyado ay gagawin bago mag-simula sa trabaho para masiguro na ang empleyado ay hindi nakakaranas ng mga sintomas ng Covid 19 sa nakaraang pitong (7) araw o nalantad sa mga taong nakaranas ng sintomas ng Covid 19 nitong nakaraang labing-apat (14) araw.

Ang mga kawaning nakakaranas ng sintomas ng Covid 19 ay hindi papayagang mag-trabaho at sila ay hihikayating magpatingin sa doctor o 2-1-1.

Lahat ng mga tauhan na nakikipag-ugnayan sa publiko ay mag-susuot ng takip sa mukha lalo na kung hindi maiwasan ang pananatili ng “social distancing” sa isa’t isa.

Linis at disimpektahan ang mga banyo ng empleyado at lugar kainan o silid pahingahan ng mga empleyado.

Mahigpit na pinag-uutos sa lahat ng kawani na kailangang Mabasa at maunawaan ang [COVID-19 Fact sheet \(makakamit ito sa iba-ibang wika\)](#).

Ang mga kawani ay hindi pinahihintulutang magbahagi ng kanilang pagkain, inumin, at mga gamit sa pagkain.

Bawal maki-pag kamay, “high five”, o bumati sa mga tao para malagot ang pisikal na pagkaka-agwat agwat.

Mahigpit na ipapatupad ang madalas na pag-huhugas ng kamay gamit ang sabon at maligamgam na tubig.

Isang kopya nitong protokol ay ibabahagi sa bawat empleyado para masiguro na naintindihan at maipatupad ang mga pamamaraan.

Iba pang mga hakbang ay isasagawa para masiguro ang proteksiyon at kalusugan ng bawat empleyado:

2. PAGPAPANATILI NG PAGITAN MULA SA KAPWA TAO:

ISAKATUPARAN ANG MGA HAKBANG UPANG MAKASIGURO NA ANG “SOCIAL DISTANCING” O PANANATILI NG PAGITAN MULA SA KAPWA TAO, AY MAPANINDIGAN. ANG MGA MESA SA AY PAGLALAYUIN NG ANIM (6) NA PIYE SA BAWAT ISA AT KAPAG ITO AY HINDI MAILIPAT O MAGALAW, MAGLALAGAY NG ISANG HARANG O DINDING PARA MAIBUKOD ITO AT MA-PROTEKTAHAN ANG PUBLIKO.

Itong pasilidad ay gumagamit ng mga sumusunod na hakbang upang masiguro na ang “social distancing” o pangpapanatili ng pagitan mula sa kapwa tao ay mapanindigan:

Lahat ng lamesa o mesa ay may agwat na anim (6) na piye sa isa’t isa; at kapag hindi magalaw o malipat ito, isang harang o partiyon o dinding ang ilalagay para mapaghiwalay and mga mesa.

Isang teyp o marka na may agwat na anim (6) na piye ay gagamitin para mapanatili ang agwat o distansya ng bawa’t isa at magamit ito para sa pila.

Iba-ibang oras ng pag-papaupo sa tao ang mangyayari para malagyan ng agwat ang daloy ng trapiko sa restawran.

Limitahan ang numero ng mga parokyano sa isang lamesa o pamilya para sa mga nais na magkakasama sa isang lamesa. Mga taong magkakasama o magpamilya ay hindi kelangan may agwat o distansya na anim (6) na piye bawa’t isa. Lahat ng miyembro ng Partido ay kelangan naroon na bago pa sila pa-upuin at yung nag-aya ay kelangan dala niya ang lahat sa isang mesa lamang sa takdang oras na pinag-usapan.

Ang mga mesa ay may agwat o distansiyang anim (6) na piye bawat isa sa lahat ng lugar ng paghahanda ng pagkain, kasama na yung inumin at istasyon ng mga serbidor.

Mga iba pang hakbang ang paninindigan para masiguro ang “social distancing” o pagpapanatili ng pagitan mula sa kapwa tao para sa mga parokyanong naghihintay para mapa-upo , at habang naghihintay na maka-order ng pagkaiin at sa habang naghihintay na maka kuha (pick up) ng pagkain:



3. PAGPAPANUTO PARA SA MGA PAMPUBLIKONG KAINAN:

ISAKATUPARAN ANG MGA HAKBANG PARA MASIGURO NA ANG PUBLIKO AY MATURUAN NG LIGTAS NA PAGKAIN SA LABAS SA PAMAMAGITAN NG MGA ABISONG PAMPUBLIKO.

Itong pasilidad ay gumagamit ng mga sumusunod na hakbang para ma-siguro ang kaalaman ng publikong kumakain sa labas (lahat ng hakbang na nakasaad dito ay mahigpit na pinatutupad):

Mga abiso ay ipapaskel sa bawat entradang pam-publiko ng pasilidad para maipag-bigay alam sa mga publikong kumakain sa labas.

Panatilihin ang “social distancing” o pagpapanatili ng pagitan mula sa kapwa tao ng anim (6) na piye
Mag hugas ng kamay o gumamit ng “hand sanitizer” na nasa entrada ng restawran
Manatili sa bahay kung may sakit o nakakaranas ng sintomas na kahalintulad ng Covid 19

Isang kopya ng “ Covid 19 Operating Protocol” o Patakarang pamamahala ng Restawran para sa Covid 19 ang ipapaskel sa isang lokasyon na kitang kita ng publiko.

Takip sa mukha ay dapat gamitin ng publiko habang hindi pa sila nakakaupo sa loob ng restawran.

Mga iba pang hakbang ang isinasakatuparan para masiguro ang kaalaman ng mga parokyano tungkol sa ligtas na pagkain sa labas:



**4. MGA HAKBANG PARA MAPAUNLAD PA ANG KALINISAN AT PAG DISIMPEKSYON:
IMPLEMENT MEASURES TO PROTECT THE PUBLIC THROUGH THE AVOIDANCE AND FREQUENT DISINFECTION OF COMMON HAND TOUCH POINTS AND SANITIZATION OF FOOD CONTACT SURFACES.**

Ginagamit ng pasilidad na ito ang mga sumusunod na pamamaraan upang madagdagan ang sanitization at pagdidisimpekta (lahat ng mga panukala sa seksyong ito ay sapilitan):

Mga kagamitan ng pagkain na maaring nahawakan na ng maraming kliyente o pinagbabahaginan ng lahat na nasa gitna ng mga lamesa tulad ng mga pampalasang naka-botelya, asin at paminta, at lalagyan ng tinapay ay mahigpit na pinagbabawal.

Mga pansariling tulong (self-service) at mga lugar para sa salad (salad bar) ay pinagbabawal.

Mga pansariling tulong na makina (self service machines) tulad ng mga inuming soda at frozen yogurt na makina ay pinagbabawal.

Mga gamit para sa hindi pagkain na ginagamit ng maraming parokyano tulad ng talaan ng mga putahe, ay dapat ma-disimpeksyonan sa bawat gamit ng kliyente o di kaya baguhin ng kaunti ang talaan ng putahe sa isang gamitan lang tulad ng paggamit ng patapon na papel na talaan ng putahe.

Siguraduhin na lahat ng gamit sa pagkain ay nahugasang mabuti, nabanlawan, at nalinis ng husto. Alamin kung naisakatuparan ang tamang panahon ng pag-disimpekta ng mga kagamitan kung hanggang kelan ito dapat nakalubog sa isang sanitizer, para Makita ang epektibo ng gamit nito. Kung hindi man ito masunod ng tama, mabuti gumamit na lang ng minsanang gamit na kagamitan o patapon na kagamitan.

Madalas na linisin at disimpektahin ang mga bagay na palaging ginagamit katulad ng telepono, hawakan ng mga pinto, lugar ng bayaran para sa “credit cards,” at iba pa, gamit ang aprubadong mga pangdisimpektang produkto na epektibo laban sa coronavirus. Itala ang aprubadong produkto na pang disimpekta na ginamit:



Madalas na disinpeksyonan ang mga banyo.

Magtalaga ng isang miyembro ng pangkat na ang tanging gagawin lamang ay pangasiwaan ang karagdang pamamaraan ng kalinisan at pag-disimpeksiyon.

Pinagbabawal na rin ang paghahanda ng pagkain sa tabi ng mesa - tulad ng mga pagpili ng pagkaing nasa mga karatilya at yung mga nasa tabi ng mesa tulad ng guacamole.

Huwag mag-abot o magbigay ng mga pang-komunidad na lalagyan ng pagkain tulad ng after-meal mints, kendi, meryenda, o toothpick sa mga parokyano. Mag—alok ng paisa-isa na nasuri at na-hiling.

Mga gamit ng bahagingang aliwan tulad ng palarong board, palarong arcade, at makinang nagbebenta ay pinagbabawal. Isasarado ang mga pagpapahintulot sa mga lugar ng palaro at aliwan kung saan ang mga parokyano ay magkakasalimuha at magbabahaginan ng gamit tulad ng larong bilyar o darts.

Panatiliin ang pisikal na distansya na may anim (6) na piye para sa mga drayber na tagahatid ng pagkain.

Mga tirang pagkain ay dapat nakabalot ng tama para maiuwi ng parokyano.

Mag-tayo ng lugar kung saan ititigil ang lagayan ng mga gamit sa pagkain para maiwasan ang tao-sa-taong dadampot nito – tulad ng isang tinalagang lamesa kung saan ilalagay ang mga nakabalot na pagkain na may tatak na ng pangalan at numero ng order ng kliyente.

Iba pang mga hakbang na ginamit upang maiwasan ang hindi kinakailangang kontak o kontaminasyon ng krus:



5. MGA MUNGKAHI/ O TAGUBILIN:

ISA-ALANG ALANG NA IPATUPAD ANG MGA KARAGDAGANG MUNGKAHING LIGTAS NA MGA HAKBANG.

Ginagamit ng pasilidad na ito ang sumusunod na karagdang mga opsyonal na hakbang (suriin ang lahat na nalalapat):

Maglaan ng mga pamunas na pang-disimpeksyon at hand sanitizer (na may anim na put porsiyento (60%) ng alcohol) para sa parokyano.

Maglagay ng mga kagamitan na hindi kelangan hawakan tulad ng “touch free motion detectors” tulad ng mga “hands free soap and towel dispensers”.

Gumamit ng sistema sa bayaran na hindi nangangailangan ng tao-sa-taong pakikisalimuha o pakikipag-ugnayan.

Hikayatin na mag-reserba o pag-payuan ang mga kliyente o parokyano na tumawag ng maaga para i-kumpirma ang kanilang pinahandang upuan. Isalang-alang ang Sistema ng pag-rereserba para mapahintulutan ang mga parokyano na pumila ng may anim (6) na piye at mag hintay sila sa kani-kanilang sasakyan at papasok lamang kapag sila ay nakatanggap na ng tawag sa kanilang telepono, na -text o sa ano mang pamamaraan ng pagpapaalam na ang kanilang mesa ay handa na at silay hand ana ring mapa-upo.

Limitahan ang numero ng mga empleyadong mag-sisilbi sa mga pa-isaisang Partido. Isa-alangalang ang pag-talaga ng isang serbidora o weyter para lamang sa isang Partido at para sa enterong karanasan sa kainan. Ito ay para masiguro na ang sapilitang empleyado ay makatanggap din ng kanyang pahinga at makakain.

Palawakin ang panlabas na upuan kung posible at ito ay pinayagan ng mga local na may kapangyarihan.

Isa-alang alang ang pagamit ng mga patapon na guwantes para mapupunan ang pag-huhugas ng kamay kapag may: Pagsusuri sa kalusugan ng mga empleyado, Kailangang humawak ng mga gamit na kontaminado tulad ng mga likido sa katawan, Kelangan hawakan ang mga gamit na ng parokyano tulad ng maruming tasa, plato o napkin at iba pa, at kelangan magtapon ng basura.

Iba pang mga karagdagang opsyonal na hakbang na ipinatupad sa pasilidad na ito:

Inihanda ni:

Pamagat:

Petsa: